

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Kinilala ang Brampton Transit sa award ng Pangkapaligirang Pagkasustenable mula sa Canadian Urban Transit Association**

BRAMPTON, ON (Oktubre 6, 2021) – Nakatanggap ang Brampton Transit ng Award ng Pangkapaligirang Pagkasustenable o Environmental Sustainability Award mula sa Canadian Urban Transit Association (CUTA) para sa milestone nito na pagsubok sa de kuryenteng bus sa Taunang Kumperensya at Transit Show na birtwal na idinaos ng CUTA sa loob ng nakalipas na araw.

Kinikilala ng kategorya ng Environmental Sustainability ang mga negosyo at mga transit system kaninong mga aktibidad o proyekto ay nagkamit ng positibong epekto sa kasalukuyang pangkapaligirang mga usapin at mga hamon na nahaharap ng industriya ng transit. Ang mga resulta ay maaaring kabibilangan ng buong mga bagong konsepto, mga proseso o muling pag-develop ng umiiral na kasangkapan na bunga ng proteksyon sa madalang na mga resource, pagtitipid o nasusukat na mga benepisyo ng kapaligiran, na kaayon sa Transit Vision 2040 ng CUTA.

Noong Mayo 4, 2021, inilunsad ng Brampton Transit ang pinakamalaking pandaigdigang deployment hanggang ngayon ng isinapamantayan at ganap na interoperable battery electric buses (BEBs) at high-powered overhead on-route charging systems, bilang bahagi ng Canadian Urban Transit Research & Innovation Consortium (CUTRIC) Pan-Canadian BEB Demonstration at Integration Trial. Sa kabuuan, nagdagdag ang Brampton Transit ng walong mga BEB sa fleet nito, dalawa mula sa Nova Bus at anim mula sa New Flyer.

Sumasama ang Brampton sa TransLink at sa York Region Transit nitong una-sa-mundo, deployment sa maramihang lungsod ng ganap na mga interoperable bus at mga charging system sa pakikipagtulungan sa Nova Bus, New Flyer Industries, ABB Inc., Siemens Canada, at Newmarket-Tay Power Distribution Ltd. Ito ang una sa mundo kung saan ang mga behikulo at mga charger mula sa iba't ibang tagagawa ay maaaring gamitin sa ganap na interoperable form, ibig sabihin, pwedeng mag-plug ang mga ito sa charging infrastructure ng isa't isa para magkamit ng charge, na magbubunga sa zero tailpipe emissions.

Makakamit din ng mga BEB ang halos zero emissions sa ikot ng kanilang buhay. Ang bawat bus ay pwedeng ganap na mag-charge nang di aabot sa 10 minuto at nase-save nito ang tinatayang 235 tonelada ng greenhouse gases (CO<sub>2</sub>e) bawat bus, kada taon.

### **Mga Quote**

“Ang una sa mundo na Pan-Canadian Battery Electric Bus Demonstration and Integration Trial sa Brampton ay isang milestone sa pangkapaligirang pagiging sustenable. Nakikipagtulungan tayo sa ating mga partner para dagdag na pahusayin ang transit network ng ating lungsod na may malaking pangkapaligirang mga benepisyo. Ang Brampton ay isang Green City, at lider sa pagiging sustenable. Salamat sa ating mga partner at stakeholder para sa pagtulong na gawing posible ang pagkilalang ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaki nating makamit ang Environmental Sustainability award mula sa CUTA kasunod ng matagumpay na deployment ng unang mga de-kuryenteng bus ng Brampton. Dedicated ang Konseho ng Lungsod ng Brampton sa pagbabawas sa bakas ng carbon sa ating lungsod sa ating paglalakbay na bawasan ang greenhouse gas emissions na nalikha sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works & Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang de kuryenteng mga bus ay sumusuporta sa ating misyon para sa isang mas luntiang lungsod. Ang Pan-Canadian Battery Electric Bus Demonstration at Integration Trial ay nagpabago sa transit system ng Brampton na may nasusukat na mga pangkapaligirang benepisyo, nakakatulong sa pagpapabawas sa ating mga ambag sa climate change, at naghihikayat sa ibang mga munisipalidad na mamuno sa mga inisyatiba ng pagiging sustainable.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod, Wards 2 at 6; Miyembro,, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang Brampton Transit sa pagpapahusay sa transit at sa mga oportunidad ng aktibong transportasyon, na tumutuon sa katipiran sa enerhiya, at paghahatid sa makabagong mga teknolohiya sa Brampton. Kinikilala ng Environmental Sustainability award kung paano natin pinapaluntian ang transit gamit itong makabagong pagsubok sa bus.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Congratulations sa Brampton Transit sa pananalo sa environmental sustainability award ng CUTA para sa matagumpay nitong 2021 electric bus trial. Ang public transit ay palaging nagbabawas sa greenhouse emissions. Sa pamamagitan ng paggamit ng zero-emission na mga bus, gaganap ito nang mas malaking papel sa pagtulong sa Canada na matugunan ang mga target nito sa klima.”

- *Marco D’Angelo, Presidente at CEO ng CUTA*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)